

# CHAPTER *One*

*Dear future wife, where are you?*  
*Man, ain't that cheesy.* Naiiling na bumaba na si Montgomery mula sa sasakyan na naka-park ngayon sa tabi ng isang commercial building na katapat ng public market. Tinanguan niya ang isa sa mga guard doon na kinausap niya kanina bago tumawid.

Hindi niya alam kung saan siya pupunta, actually. Ikalawang bayan na ito sa ikaapat na araw niya rito sa Pangasinan. Isa ang bayan ng Ramos na nasa pagitan ng Agno at Bani, na katabi ng Bolinao kung saan ilang araw na siyang umuupa ng one-bedroom villa sa isang resort. Hindi siya sigurado kung this time ay magtatagumpay na siya

sa paghahanap, pero umaasa siyang magkakaroon man lang ng lead para mas matukoy kung nasaan na si Svetlana Krishna ‘Lana’ Durchenko Katindig, ang babaeng pakakasalan niya.

Maayos, malinis at organized ang palengke na abala pa rin at past nine on a Friday morning. Naghahalo sa pang-amoy niya ang mga sariwang gulay at prutas, tuyong isda, adobong mani, kakanin at mami. Patingin-tingin siya sa mga nadadaan. Ayon sa tatlong huling *Instagram* posts ni Lana ay nasa palengke ito. Nagpapasalamat si Montgomery na kahit nagtatago ang dalaga ay naging aktibo pa rin ito sa pag-post sa *IG* account nito.

Disabled ang messaging feature ng mga social media accounts nito, at mukhang hindi nagbabasa ng mentions o tags. Walang ideya sa kinaroroonan ni Lana ang mga kaibigan at lalong walang alam ang mga magulang na pinagtatampuhan ng babae kaya lumayo muna at dalawang buwan nang hindi umuuwi.

Every week ay nagte-text o tumatawag lang si Lana sa mga kapatid nito o kasambahay at pareho lang ang sinasabi: *Buhay pa ako. Okay lang ako. Hindi ako babalik hangga’t hindi nagbabago ang desisyon ng dalawa diyan sa gusto nilang mangyari.*

Ang dalawang tinutukoy nito ay ang mga magulang na sina Federico at Marina, na gaya ni Lana ay nagmamatigas din.

Naintindihan niya kung bakit galit si Lana, pero gusto rin niyang ipaliwanag at ipaunawa rito na tama lang ang gustong mangyari ng mga magulang nila. But first, he had to find her.

He'd been looking for her for the past four days. Siya na ang nag-volunteer na maghanap kay Lana dahil naawa na rin siya sa mga magulang nito na nag-aalala na. Sa unang mga linggo ay hinayaan lang ng mga Katindig na magpalipas ng galit at mag-isip ang anak, at umasang malilinawan din ito. Pero nang umabot na ng dalawang buwan na natiis ni Lana na hindi umuwi ay nabahala na ang mga ito.

Ilang linggo ring magkakatulong silang nag-imbetiga sa mga kaibigan nito na hindi rin talaga sinabihan ni Lana, sa mga social media accounts at maging sa mga gamit sa kuwarto nito.

Nagkaroon lang sila ng clue noong isang linggo, nang mag-email ito ng ilang pictures at videos ng beach sa Bolinao, Pangasinan sa kasosyo nito sa negosyong nag-o-organize ng events at weekend beach camps. Troy, her business partner, immediately called him up for a meeting. Kinausap

nito via phone call si Lana, na ayaw makipag-video chat dahil tiyak daw na ite-trace nila.

Pumayag na siyang tahimik na makinig sa usapan nina Troy at Lana. Kahit may kaunting static at minsan ay choppy, maganda pa rin ang boses nito.

*“Teh, nasa Agno ka ba?” tanong agad ni Troy. “Ganda ng beach. Sige, idi-discuss ko sa iba na isali sa mga susunod na tours. Nand’yan ka ba?”*

*“Saan?” maingat na tanong ni Lana.*

*“Sa Agno, ano ka ba?”*

*Natawa ang nasa kabilang linya. “Maybe.”*

*“Teh, kinukulit na ’ko ng parents mo. Umuwi ka na kasi.”*

*“Uuwi ako kapag nahimasmasan na sila. O sige na, ’bye na.”*

*“Uy! Clue lang kung nasaan ka, please?”*

*“Hay nako! Hindi ba obvious sa ingay ng background? Nasa palengke! ’Bye!” Tinapos na nito ang tawag. Nang sinubukang tawagan uli ni Troy ang dalaga, out of coverage area na raw.*

Kaya heto siya ngayon, apat na araw na siyang nagpapalengke tour at umaasang may iba nang resulta ang paglilibot niya. Pero makalipas ang kalahating oras at matapos niyang pakyawin ang paninda ng mga lumapit na vendors na nagbebenta

ng papaya, okra, kangkong, spinach, tanglad at sampaguita, at bitbit ang malaking bayong na binili na rin niya sa mamang nagtitinda ng mga woven products ay wala pa rin siyang napalang clue man lang.

*“Lana? Naku, wala kaming kilalang Lana!”*

*“Wala namang bagong mukha dito, pogi. Puro luma.”*

*“Wala kaming kilalang dayo na sakto sa description mo, boss. ’Yung ibang dayo dito, kapag weekend lang nagtitinda ng mga damit at accessories sa plaza.”*

Narating na ni Montgomery ang dulo ng palengke, at bus terminal na iyon. Napapabuntung-hiningang bumalik na siya at sa kabilang side naman naglakad, patingin-tingin pa rin sa paligid kahit nakita na niya iyon kanina.

*“Boneless bangus, tinapa, daing, tuyo, pusit!”*

Napahinto siya, hindi alam kung bakit biglang kinabahan. Hinanap niya ang pinanggalingan ng boses na nangingibabaw sa nagtatawag ng mga paninda sa lugar na iyon. Mababa ang boses, medyo malat, maganda sa pandinig kahit hindi siya sigurado kung babae o lalaki ang nagsasalita. Nangunot ang noo niya.

“Garter din pala, garter! Makapal, matibay, hindi basta napapatid na garter!”

Nasundan iyon ng tawanan. Noon niya talaga minasdan ang taong nakatayo sa tapat ng isang tindahan. *Nani’s Bigasan, Tuyoan Atbp.* Sa harap ay may matandang lalaking nag-aayos ng paninda. Sa loob ay may babaeng nag-e-entertain ng mamimili. May lumabas na matangkad na lalaking maarte ang kilos at may dalang kahon at inabutan ng bottled water at tinapay ang matandang lalaki.

“Hoy, Iska! Namamaos ka na. Uminom ka muna! Naabot mo na ang quota mo ngayon. Lafang muna, besh!”

Lumingon ang tinawag nitong Iska, na sa unang tingin ay parang binatilyo. Panlalaki kasi ang porma nito. Straight cut faded jeans, maluwag na grey t-shirt at tsinelas. Medyo naalikabukan at may dumi ang mga paa, pero hindi maikakailang babae ang may-ari. May hawak itong bilao ng mga paninda at may nakasabit na mga garter sa isang braso.

“Sandali lang! Kailangang maubos na ’tong garter ni Manong para talagang maka-move on na siya, di ba, Manong?” Ngumiti ito sa matandang salitang kumakain na ngayon at ino-organize ang estante sa harap ng tindahan. Nag-thumb up ito,

nakangiti rin.

Hindi maalis ang tingin ni Montgomery sa babae. Magulo ang maikling buhok nito na light brown at may blond highlights. Mamula-mula ang balat na mapusyaw. Bilugan ang mga matang pamilyar sa kanya. Maganda ang hugis ng ilong at labi. Makapal ang mga kilay...

Napailing siya. What was he thinking? Was he that desperate to consider that this... person could be Lana? The glamorous, poised, elegant, polished Lana Katindig? Impossible!

Besides, this Iska didn't look like she was hiding. She obviously was from here. She belonged here. But still... Napalunok siya nang lumapit sa babae, na nakatingin na rin sa kanya. Hindi ito mukhang takot o umiiwas.

“Boneless bangus, bossing? Meron din kaming nasa jar, niluto sa tausi o olive oil. May mga tuyo din kami, may mga nahimay na para sa pasta o kanin, may tinapa din...”

He blinked. “Uh, uhm...” Sure, bibili siya, pero hindi agad. Hindi niya alam kung bakit gusto muna niyang pahabain ang pakikipag-usap kay Iska. Something told him she could help, somehow. “Yang garter? Magkano lahat?” Hobby at negosyo

ng nakababatang kapatid niyang si Meryll ang pagde-design at pananahi ng damit. At least, may pupuntahan din ang garter.

“Lahat ito? Sandaling binilang ni Iska ang hawak at nagkuwenta. “Two-eighty na lang lahat, boss. Inuubos na lang kasi.” Humila ito ng brown paper bag sa bilao. “Kukunin mo na, Boss Pogi?” Lumapit ito sa kanya.

“Y-yes, please. My sister could use that for her projects, I mean...”

“I understood what you just said,” Tumaas ang isang kilay ng babae bago napangisi. “O, ha! ’Kala mo di ako marunong mag-English, ’no!” Bumaling ito sa mga kasama na natatawa. “Narinig n’yo usapan namin? Puwede na ba?”

“Puwedeng papasukin mo muna dito si *fafi* para makasilong? Ang init diyan!” maarteng sagot ng lalaking malamyang kilos. “Pasok, *fafi*! Bili ka na, maraming puwedeng pampasalubong dito!”

Nagpalipat-lipat ang tingin ng binata kay Iska at sa mga taong nasa tindahan. “Uh, uhm... Bibili ako pero... P-pero...” *Shit!* Hindi niya alam kung ano ang gagawin o sasabihin. Hindi siya sanay sa ganito! May katangahan siya pagdating sa mga babae!

“Pero ano?” Marahang itinulak siya ni Iska gamit



ang bilao nito. “Naliligaw ka ba? May hinahanap?”

He stared at her. “Y-yes... But that’s not, uhm...”

Namaywang na ito. “Ano na?”

Napalunok si Montgomery. “W-will you h-have lunch with me?”



Kanina pa kinakagat ni Lana ang dila para pigilan ang sarili na magkomento at para manatiling poker-faced siya habang nilalagyan ng tape ang paligid ng kahon na paglalagyan ng mga pinamili ng matangkad na lalaking sobrang out-of-place ang itsura sa tindahan nila. Kanina pa makahulugan ang ngiti ni Nani sa tuwing mapapatingin sa kanya habang ina-assist nito ang lalaking parang mag-a-apply ng trabaho sa stock exchange ang porma. Ayos na ayos din ang buhok nitong may pomada pa yata.

And his scent... *Eww!* Parang pabango ng lolo niya! Tipong *Drakkar Noir* or *Old Spice*, hindi man lang *Wings by Giorgio Armani!* Napasulyap siya sa wristwatch nito na kahit simple lang ang design ay alam niyang mamahalin. Iyon lang ang on point sa porma ng customer nila dahil ang iba pa ay pulos sablay na.

What the hell was he doing here, anyway? Akala niya ay nag-jo-joke lang ang business partner niyang

si Troy nang sabihing nakilala na nito amg 'future husband' niya. She shuddered at the thought. She had never even met this man until today! At ito mismo ang dahilan kung bakit nandito siya ngayon at ilang buwan nang hindi umuuwi sa kanila.

Wala siyang pakialam kung guwapo, masarap tingnan, at medyo adorable ang lalaking ito. She simply could not be forced into an arranged marriage that she only found out four months ago!

Unang-una, hindi sila Intsik. Half-Ilokano, half-Waray ang papa niya, at Russian with a Filipino heart ang mama niya. Pangalawa, hindi sila naghihirap at maayos naman ang buhay nila kaya malabong pambayad-utang siya. Pangatlo, an arranged marriage in this day and age? Kumikirot ang sentido niya maisip pa lang ang konseptong iyon.

It's just a hundred shades of wrong, and fifty of them must be in this man. Wala sigurong babaeng nasikmura ang ideya na maging boyfriend ang lalaking pang-modern-day Greek god slash *Prince Charming* ang itsura pero amoy-baul naman. *Yuck!*

"Are you okay?" nangungunot ang noong tanong nito. "Gutom ka na ba? Sorry, ang tagal kong mamili."

Nagsalubong lang ang mga kilay ni Lana, pero

hindi na nagsalita. Itinuloy lang niya ang ginagawa. Ibabalot at ilalagay kasi sa kahon ang mga bibilhin nito, pati na ang garter. Ipapasama sa susunod na biyahe mamaya ng isang bus pa-Manila at ipi-pick-up daw ng family driver ng mga ito sa istasyon sa Cubao.

“Hindi pa gutom ’yan, naguguwapuhan lang siya sa iyo, *fafi*,” nakangising sabi ni Nani, na agad niyang sinipa sa mabalahibo nitong binti. Hindi natinag ang beki, nagpa-cute pa sa weird na customer nila. “Ano nga ang name mo, *fafi*?” Inalis nito ang cap ng marker at humila ng papel mula sa tabi ng lumang cash register.

“MJ... MJ Tanjuatco,” sagot nito sa boses at tonong parang nagpapakilalang international spy. “Rommel P. Eusebio ang pangalan ng pi-pick-up. Vista Heights, Quezon City na lang ang ilagay mong address.”

Muling napatingin si Nani kay Iska, parang nagpipigil ng kilig na maiiyak na ewan. She just glared at him, he bit his lower lip in response. Nailing na sinimulan na niyang ibalot ang mga naitabing pinamili ni MJ.

“MJ? Ano’ng ibig sabihin ng MJ?” tanong pa ni Nani, mukhang hindi rin type ang initials na hindi

bagay sa kausap.

Napakamot sa batok ang lalaki. “Uhm... it’s a weird, silly name..”

“Sows! May mas weird pa ba sa Fernandino? Eh, Czarina ang bagay sa ’kin!” Maarteng tumawa si Nani. “Ano nga? Tayu-tayo lang dito. Si Mabel,” turo nito sa dalagitang kasama nila sa tindahan. “Si Manong Domeng, at si Francisca Victorina Dimasupil.”

He blinked, confused. Lalong natawa si Nani.

“Also known as Iska, ’yan o! ’Yang niyaya mong mag-lunch na pangbatang hamog ang hair.”

MJ stared at her. “That’s... uhm... an interesting name.” And he actually looked awed, fascinated. Taliwas sa inaasahan niyang matu-turn off ito. “MJ stands for... uh, Montgomery James. My mom loves historical romance books at galing yata sa author ng ilang paborito niyang libro ang pangalan ko.”

“And you’re settling for MJ?” *Shit, ano ba, Lana! Hinay sa katarayan at napapa-English ka!* “Hindi bagay sa iyo ang MJ.”

Amused na ikiniling nito ang ulo. “Ano ba ang bagay? Nasanay na ’ko sa MJ.”

“Hindi porque nakasanayan mo, d’un ka na forever.” *Gaya ng paniniwala n’yong okay lang ang*

*arranged marriage!* Saglit na nag-isip ang dalaga. *Montgomery James... Montgomery... James. Anak ng tokwa! Ang hirap!* “Wait, hmm... Monty.” Napatango siya. “Mas bagay sa iyo ang Monty.”

Medyo nangunot ang noo nito. “Really?”

“Yes. Mas macho kesa MJ.”

Natawa ito. Mababa, nakakaakit, masarap sa pandinig. “Medyo weird na magkaroon ng ibang pangalan pero okay, sabi mo.” He grinned, and Lana wanted to punch him in the face because that stupid grin made him look sexier despite the out-of-place outfit and stale perfume.

She just snorted in response. Itinuloy niya ang pagbabalot ng flaked tuyo. Now, how did she get out of their lunch date? Wait, nag-’Yes’ na ba siya?

“So, any suggestions on where we should eat?”

*Argh!* Incredulous na minasdan niya ang lalaki. “Seryoso ka? Hindi mo ba nakikita ang itsura ko? At amoy tinapa ako!”

Napangiti ito. “Cute ka naman, at hindi maselan ang pang-amoy ko.”

Gusto nang magpapadyak ni Lana sa inis. Naisip na niyang tumanggi pero kung iiwas siya ay baka magduda pa ang lalaki, kaya resigned na tumango na lang siya.

---

“Fine. Kumakain ka ba ng papaitan at dinakdakan?”

## CHAPTER *Two*

“**T**apos, eto pa, mother! Sobrang OC din pala ng babaitang ito na kahit nandidiri daw sya kay Monty dahil amoy D.O.M., hindi pa rin siya nakatiis na hindi punasan ’yung sebo from the papaitan sa lips ni *fafi*! Nakakaloka! Di ba s’abi ko itsurang ahente ng insurance ang isang iyon? ’Tapos ganyan ang itsura ni Lana! Parang klosetang beki tuloy si *fafi* na pumatol sa batang hamog!”

Sinundan pa iyon ni Nani ng malanding tawa habang napapailing lang at nakangiti ang ina nitong si Tita Charo. Pasado alas cinco ng hapon at nakauwi na sila mula sa palengke. Maganda ang benta nang araw na iyon dahil bukod sa mga binili ni Monty ay marami ring na-attract na mamimili ang magandang

ayos ng harap ng tindahan, courtesy of Manong Domeng.

“At grabe ang heart eyes ni Monty nang ikuwento ko ang tungkol kay Manong Domeng, kung paanong nakita lang siya ni Lana na naglalakad at nagtitinda ng garter ’tapos inalok na lang niyang magtrabaho sa atin. Alam mo ’yung parang napanood mo na unti-unting nai-in love ang isang tao? Ganern, mother!”

“Actually, Tita, mukhang hindi lang siya exposed sa iba’t ibang klase ng tao kaya ang dali niyang mamangha.” Tinaasan niya ng kilay si Nani. “Laking boarding school siya sa highlands ng Scotland. Puro aral at hindi gaanong naranasan ang realidad ng buhay. Four months ago ko nga lang nalaman ang existence ng isang iyon...” Napailing si Lana habang pinupunasan ng malinis na katsa ang mga garapon na ibinabad kanina sa mainit na tubig. Doon nila inilalagay ang mga bangus belly o tuyo in olive oil nila.

“Grabe ka, hindi naman gan’un kainosente ’yung tao,” depensa ni Nani.

“Fine! Hindi inosente, ignorante lang. Kumusta naman ’yung game siya sa arranged marriage? Ang daming mali doon.” Bumuntung-hininga ang dalaga. Hindi naman nila napag-usapan over lunch kanina



kung paano napadpad sa bayan na iyon si Monty. Kadalasan ay nagtatanong ito tungkol sa kanya. Parang gustung-gusto lang nitong makinig sa kahit anong kuwento niya tungkol kay 'Iska'.

*“Talim Island? Saan 'yun?”*

*Agad nagsalubong ang mga kilay niyang lampas two months nang hindi nagagalaw at malayo sa pagiging 'on fleek'. Monty asked where she was from, originally, at spontaneous ang mga sagot niyang puro imbento. Patingin-tingin siya kay Nani na sapilitan niyang hinila bilang chaperone, tahimik na sinasabing tandaan din nito ang mga sinasabi niya. “Talim Island as in 'yung isla sa gitna ng lake, ng Laguna de Bay? Mga one hour by boat from Binangonan, Rizal.”*

*“Oh, interesting! Pasensya na, hindi ko pa gaanong nalilibot ang Pilipinas. Hindi pa nga ako nakakarating sa Batanes o Palau Island. Siguro uunahin ko ang Talim pag may chance.” Ngumiti si Monty na parang may binubuo ngang plano sa isip, bago binalikan ang dinakdakan na pinapapak na nito.*

*“Saan ka ba lumaki, sa kumbento? Parang ang outdated mo.” Mahinang napaaray si Lana nang sipain ni Nani. Ano ang mali sa tanong niya?*

*Napakurap si Monty at namula, pero mukhang hindi na-offend. Parang amused pa nga ito na nahiya.*

*Nakakainis, paanong nangyaring nagiging cute ang guwapo?*

*“Sa Tondo ako lumaki, sa Dinalupihan Street. Ang kalye doon ang playground ko hanggang magdesisyon si Tatay na ipadala ako sa boarding school dahil gusto naman daw niyang maiba ang buhay ko. Three times a year, dumadalaw sila ni Mama, hanggang sa mag-high school ako. Dito ako nag-college—”*

*“Saan dito?” tanong niya bago humigop ng papaitan.*

*“Ackerton. College of Science. Physics and Math ang major ko.” Parang lalo itong nahiya.*

*“Anong batch?” Doon din siya nagtapos, pero bakit hindi nila ito napagkikita ng mga kaibigan niya?*

*“Batch 2008. Doon ka rin ba graduate?” Napahinto si Monty sa pag-ladle ng papaitan sa mangkok nito.*

*“Mukha ba ’kong graduate ng Ackerton? Baka ni hindi ako papasukin d’un at kung sakali man, baka nakatimbre ako sa security force nila.”*

*“So, you’ve been there?”*

*Shit! Nakagat ni Lana ang dila niya. Kailangang bawasan niya ang pagre-react sa bawat sinasabi ng lalaking ito! “Naisama ako ng isang kakilala ko dati na doon pumapasok. May event n’un, eh.”*

*“Kakilala like... friend? Boyfriend?”*

*She glared at him. "Friend. Bakit ba tinatanong mo pa? Ang tagal na n'un."*

*Monty smiled wistfully. "Curious lang, kasi it means something when people you know take you to places that have something to do with who they are, di ba?" Uminom ito ng tubig, hindi inaalís ang tingin sa kanya. "Like this place. Aling Caring's Canteen. Madalas ka ba dito? Masarap ang pagkain nila, may iba ka na bang naisama dito aside from Nani?"*

*Napatingin siya kay Nani, na hindi na maintindihan kung nakangiti o nakangiwi. Tumaas ang isang kilay ni Lana, tahimik na sinabing 'See? I told you!'*

*Hinarap niya muli si Monty. "Alam mo, medyo creepy na ganyan ang mga tanong at gusto mong malaman, eh. Konting preno, ha. Ngayon lang tayo nagkakilala. Hindi lahat ng tao ay willing na i-open agad ang sarili nila sa iba," maingat na paliwanag niya.*

*Napakurap ito. "Really?" Para itong nalungkot na nag-alala. "I'm sorry. Sanay lang ako na hindi itinatago ang interes kong alamin ang mga bagay-bagay tungkol sa mga nakikilala ko."*

*"Well, hindi lahat ay komportable sa nakasanayan mo. At puwedeng walang nagrereklamo*

*o nagpapahalatang ayaw na nila sa mga tanong mo kasi guwapo ka, mukhang mabait, mayaman and therefore, makapangyarihan.”*

*“Hindi naman. ’Yung parents ko ang mayaman, lalo na si Tatay.” May pride sa tono ng binata kapag nababanggit ang mga magulang, lalo na ang ama nito. Ang tatay nitong dahilan din kung bakit nagmamatigasan sila ngayon ng mga magulang niya.*

*She sighed. “Whatever...” Nangunot ang noo ni Lana nang mapatingin sa mukha ni Monty. “May sebo ka dito, nabubuo na.” Itinuro niya ang gilid ng labi.*

*Sinubukan ni Monty na alisin iyon gamit ang table napkin pero hindi nagawa. Naiiling na iniusad niya ang upuan palapit sa lalaki, hinawakan ang isang gilid ng mukha nito para hindi gumalaw, at siya na ang nagpunas ng sebo.*

*“Dahan-dahan, girl! Parang mukha na ang binubura mo, hindi lang sebo!” natatawang sabi ni Nani.*

*Her realization that she was actually sitting this close and touching the face of this man came a second too late, kaya ganoon na lang ang gigil niya. Bakit ako OC? Bakit kailangan ko itong gawin? Bakit ako kinakabahan?*

*Huminga siya nang malalim nang lumayo. “Sorry,*

*mabigat ang kamay ko. Pag humapdi o nangati 'yan, lagyan mo lang ng petroleum jelly o vitamin E cream, moisturizer, gan'un." Napainom si Lana ng tubig. Hindi rin kasi inaalis ni Monty ang tingin sa kanya. Parang namamangha na hindi makapaniwala.*

“Na-in love dahil sa sebo! Parang ganoon ang nangyari, mother! Kung nakita mo lang kanina kung paano siya tingnan ni Monty, grabe! Kung ako ang tiningnan ng ganoon, wala na! Maghuhubad na lang ako! Ang sarap niya kaya!”

Asar na siniko ni Lana ang kaibigan. “Eh, di sa iyo na! Pakasalan mo at nang matahimik na ako.” Itinaob niya sa tray na may malinis na tela ang mga napunasang maliliit na mason jar. Handa nang malagyan iyon ng mga bangus belly o tuyo in olive oil.

“Si Svetlana Katindig ang gustong pakasalan ni Monty, ano ba? Pustahan tayo, babalik siya bukas!”

“Sa tingin mo ba, nakilala ka niya, Lana?” seryosong tanong ni Tita Charo. “Kasi akong matagal ka nang kilala ay nagulat din sa transformation mo. Malayo sa kikay at eleganteng Lana na nakilala ko.”

Nakilala niya ang mag-ina na naghahatid at tumatanggap ng request orders para sa packed lunch o merienda sa government office kung saan

siya nag-practicum noong college, na eventually ay pinagtrabahuan din niya nang ilang taon bago nakaipon ng sapat at nagsimula na lang ng negosyo kasama ang ilang kaibigan noong college. Nanatili ang komunikasyon nila ni Nani na isang taon ang tanda sa kanya. Regular pa rin silang nag-uusap kahit nang magdesisyong bumalik sa Pangasinan ang mag-ina, na eventually ay natulungan siya ngayong kailangan niyang lumayo sa pamilya.

“Hindi ko alam, Tita. At kung sakaling nakilala man niya ako o nagdududang ako si Lana, sisiguraduhin kong ipaalam sa kanya na wala akong planong pumayag sa gusto nila.” Napahinto siya sa ginagawa. “But I doubt he recognized me.”

“Sure pa rin ako na babalik siya bukas.” Makahulugan ang ngiti ni Nani.

“Subukan niya.” Nakaangat ang isang kilay na sinalubong ni Lana ang tingin ng kaibigan. “Wala pa rin siyang mapapala.”



*Dear Future Wife, have I just finally met you?*

Wala nang pakialam si Montgomery kung cheesy o baduy man na pakinggan ang mga ‘Dear Future Wife’ internal monologue niya.

Hindi naalis sa isip niya si Francisca Dimasupil

simula pa kahapon, pati ang malaking pagkakahawig nito sa babaeng hinahanap niya. Parang pareho lang ng height, at morena version lang ni Lana si Iska. Si Iska, na hindi maintindihan pero nakakaaliw ang kulay ng buhok, na kung makipag-usap ay parang Koreanang Batangueña—parang laging naghahamon ng away. Kung sweet ang ngiti ni Lana, parang pilit o di kaya ay nakakaloko ang ngiti ni Iska.

Lana Katindig was regal and polished, while Iska Dimasupil behaved like his childhood friends in Tondo. Balita niya ay mabait at considerate si Lana habang maikli naman ang pasensya ni Iska. Ang layo ng mga personalidad at itsura nila, pero hindi pa rin niya maalís sa isip ang posibilidad na sina Lana at Iska ay iisa.

He had only seen Lana in pictures and short videos featured in their events planning and weekend camp business page on *Facebook*, and he only started seeing them four months ago. Kagabi ay muli niyang ni-review ang ilang pictures at videos ni Lana para lang titigan ito, at hindi niya alam kung dahil iyon sa sariling mind-conditioning pero si Iska talaga ang nakikita niya.

Iska who was basically Lana with darker skin, thick, bushy eyebrows and a mole on her left cheek

instead of a dimple. May dimple ba si Iska? Hindi niya napansin kahapon.

“Puwede mo siyang hintayin kung gusto mo, *fafi*. Nag-deliver lang sila ni Mang Domeng ng order na bangus and tuyo in olive oil at tinapa flakes sa isang nagke-cater. Upo ka muna diyan.” Itinuro ni Nani ang isang plastic chair sa tabi ng bigasan.

Sa halip na maupo ay ang dalang mga bulaklak at kahon ng brownies ang inilagay roon ni Montgomery. Alanganing napatingin siya kay Nani na pinapanood siya. “Yeah, I know, alas diez pa lang pero nahihiya naman akong sa hapon o gabi kayo abalihin.”

Napangiwi siya. Hindi rin siya sigurado kung bakit nagdala pa ng ibibigay kay Iska. Kaninang nag-almusal siya sa café ng resort na tinutuluyan ay nakita niyang may dalang isang bungkos ng rosas at stargazers ang manager ng hotel at inilagay iyon sa payat na flower vase sa bawat mesa. May mga tanim pala niyon sa garden ng resort, at nagtanong siya kung puwedeng bumili.

“*May pagbibigyan ka, pogi? Ikukuha kita, huwag mo nang bayaran. Pasasalamat ko na iyon sa ibinigay mong bangus at tuyo in olive oil sa amin kahapon. Ang sarap, ha,*” nakangiting sabi nito.

*Napangiti rin siya. “Thank you, Manang. Bibili*



*din ako ng brownies.”*

*Makahulugan ang ngiti nito. “Maganda ba? Mabait? Tagarito rin?”*

*Nag-init ang mga pisngi ni Montgomery. “Sa kabilang bayan, Manang. And yes, she’s beautiful inside and out.”*

“Ang weird lang na ’yung itsurang ’yun ni Iska, bibigyan mo ng ganyan kagagandang flowers. Mas bagay sa akin ’yan!” natatawang sabi ni Nani.

Tumangu-tango siya bago humila ng isang stargazer at pinutol ang stem niyon, pagkatapos ay ibinigay sa beki na mukhang maton. “Tingnan nga natin kung bagay,” he smirked.

Game na inilagay iyon ni Nani sa likod ng tainga nito bago nag-duckface. “Imagine-in mo kung si Iska ang nakaganito, *fafi!*”

He shrugged. “I think she’d either look even more beautiful o mahihiya ang bulaklak sa ganda niya.”

“Aba, Rosalinda, *mi amor!*”

Sabay silang napatingin kay Iska na kapapasok lang ng tindahan. Inalis nito ang suot na baseball cap at pinunasan ang pawis sa noo. Iniabot nito kay Nani ang dalang sling bag bago napatingin sa Montgomery. “Ikaw na naman? Type mo si Nani?”

Hinampas ito ni Nani sa braso. “Gaga, may matris ang type niyan!” Sumulyap ang bakla sa kanya.

Noon naalala ni Montgomery ang mga dala. Agad niya iyong kinuha at iniabot sa dalaga na tumapat na sa stand fan at hinila-hila ang t-shirt nito. Napalunok siya sa hindi inasahang reaksyon ng katawan niya sa ayos nito na namumula at medyo pawisan. For someone who didn't seem to care about how she looked, Iska was effortlessly sexy.

“What the...?” Nagsalubong ang mga kilay nito nang makita ang mga ibinibigay niya. Napatitig ito sa mga bulaklak, pagkatapos ay sa kanya. “Ano’ng problema, Monty?”

Napakurap siya, hindi iyon ang inaasahan niyang itatanong nito.

“Huy, bakla, baka gusto mong magpasalamat na lang?” Namaywang si Nani. “Kung ayaw mo niyan, ibigay mo kay mother mamaya.”

Napabuntung-hininga ang babae. “Right. Sorry, hindi ko lang inaasahan.” Kinuha nito ang mga bulaklak at tiningnan ang kahon. “Uy, brownies!” Sinilip nito ang laman. “Mukhang masarap. Thank you.” Sumeryoso muli ang magandang mukha nito. “Pero huwag mo nang uulitin ito, ha. Utang na loob,

nakakatapak ka naman dito nang walang dala so huwag ka nang mag-effort o gumastos, okay?”

Tumango si Montgomery. “Okay, uh... So I can go back here anytime I want?”

Nangunot ang noo nito. “Hindi ko alam kung bakit trip mong tumambay sa tuyuan pero sige, go!”

Napangiti na siya, relieved. “Gusto lang kitang makita.”

Natawa ang babae. “Lalong hindi ko iyon magets pero bahala ka.”

“Gusto rin kitang makausap...”

“Hindi pa ba tayo nag-uusap ngayon?”

He winced. “I mean, there’s something I wanted to talk to you about.” Humakbang siya palapit kay Iska, kinakabahan. Habang tinitingnan niya ito ay parang lalong gumaganda. At mabango rin ito, amoy fresh, malayo sa amoy ng tuyo o tinapa.

*And man, those eyes! I could get lost in them...*

“Montgomery James, ano na?”

He stared at her. There was challenge in the way she stared back. Hindi ito umatras. May isang ruler na lang ang layo ng mga mukha nila sa isa’t isa pero hindi ito umiiwas, hindi natitinag.

Habang para na siyang aatakihin sa puso sa kaba. “I’d like us to talk, over lunch... at... at kung puwede

---

'yung...' Napalunok siya. "Yung tayo lang."

## CHAPTER *Three*

“*A*h, ganon? Atat ka lang mag-asawa at malamang, takot ka na hindi i-approve ng pamilya mo ang maaaring magustuhan mo kaya dito ka na lang sa Lana na ito? Ipinagkasundo kayo, ganon ba?” Salubong ang makakapal na kilay ni Iska nang sabihin iyon, bahagyang namumula sa inis o dahil sa kinakain nilang chili garlic shrimp.

Kanina pa hindi inaalis ni Montgomery ang tingin niya sa babae, simula pa yata nang pumasok sila sa seafood restaurant na iyon na nasa isang resort sa boundary ng Ramos at Bani. Wala pang tatlung minutong drive iyon mula sa palengke, at kinabahan pa siya kanina dahil baka malayuan si Iska pero hindi ito nagprotesta.

*“Mukha ka namang harmless, hindi mo nga pinaalis ’yung langaw na dumapo sa iyo kanina. Alam rin ng mga kasama ko sa tindahan ang pagmumukha mo.” Derecho ang tingin nito sa kalsada habang pasulyap-sulyap siya sa katabi at nagmamaneho. Hindi pa rin siya makapaniwalang kasama na niya si Iska at silang dalawa lang ngayon.*

*Iska Dimasupil, who may or may not be Lana Katindig.*

*“Isa pa,” patuloy ni Iska, “kung nagkataong mali pala ako at may balak kang hindi maganda, ready naman ako.” Inilabas nito mula sa dalang sling bag ang isang pocket knife na nangingislap pa at mukhang bagong hasa.*

*He’s into taekwondo and muay thai, almost perfect ang grado niya sa arnis na P.E. noong college at sanay siyang bumaril pero sa paraan ng pagkakahawak ni Iska sa balisong ay tumalon at sumiksik yata sa bituka ang puso niya. The woman just sounded so eerily calm, like a mafia ring lord with the sinister side glance of Cersei Lannister. Kahit wala sa isip niyang magsamantala ay totoong natakot siya.*

*“Gusto ko pang mabuhay, Iska. Mag-uusap lang talaga tayo,” paniniguro ni Montgomery sa babae na ilang segundong mataman siyang tiningnan bago*

*tumango.*

The past hour or so was spent enjoying a delicious feast of fresh seafood and vegetables, while he told Iska his story. Hindi ito nangiming magpakita ng skepticism sa pinagsasabi niya, madalas ay nakakainsulto at nakakalungkot ang reaksyon sa mga sinasabi niya, pero matiyaga itong nakinig.

Kahit nagkukuwento at abala sa pagkain ay nagawa pa rin niya itong pagmasdan. Binantayan niya ang reaksyon nito, pilit inalam at sinubukang humuli ng hint kung ang kaharap ba ang babaeng hinahanap, pero madalas ay sinasalubong ni Iska ang tingin niya at parang naghahamon pa.

Minsan, kinakagat ni Montgomery ang dila para hindi mapangiti. Kahit parang laging galit kung makipag-usap, brusko kung kumilos at palaging naninindak pag tumingin ay ang ganda pa rin ni Iska. The resemblance with Lana may be striking, but the two women were polar opposites.

Still, he couldn't just rule out this possibility.

What if?

Mukhang kailangan pa niyang dagdagan ang research tungkol kay Lana. Dapat lang niyang piliin ang mga tanong sa pamilya at mga kaibigan nito

dahil ayaw niya munang magbigay ng hint na may nakilala siyang kahawig ng naglayas na fiancée niya. Baka kasi biglang sumugod dito ang mga iyon at masira ang diskarte niya. He had to be sure.

“Gets ko kung bakit naglayas iyong fiancée mo kuno. Ang creepy kaya na gan’un agad ang tawag mo sa kanya! Hello? Okay ka lang? Hindi pa nga kayo nagkikita, di ba?”

Napakurap ang binata, agad nag-init ang mga pisngi niya. “Uh, y-yes, tama, creepy nga. Assuming. Feeling...” Napangiwi siya. “Sorry, nasanay lang ako na gan’un ang tawag ko sa kanya kasi mas madaling ipaliwanag sa ganoong paraan kung bakit ko siya kailangang mahanap. People don’t need to know our story, they only need to hear that I’m this man who wanted to know what happened to the woman he was about to marry. Mas may sense of urgency, mas madaling makakuha ng simpatiya, mas mae-encourage silang tumulong,”

Bumuntung-hininga si Montgomery. “I need to stop calling her that. Thanks for reminding me, I-Iska,” *Shit! Easy, Tanjuatco! Hindi ka puwedeng sumablay dito!* “Ang totoo, hindi ko naman siya pipiliting sumama sa ’kin pag nakita ko na siya. Gusto ko lang siyang makilala, makausap, maging



kaibigan. Gusto kong sabihin sa kanya 'yung mga ikinuwento ko sa iyo..."

"Emotional blackmail, gan'on?" Napailing si Iska bago uminom ng iced tea.

"Gan'un ba ang dating ng kuwento ko, ng plano ko? I just intend to tell her to give us a chance..."

"Pero may pressure na from your parents, Monty. Sinabihan na siya na kailangan n'yong magpakasal. Obviously, ayaw niya so bakit mo pa susubukan?"

"But Lana and I have yet to meet! Umaasa lang akong baka pag nagkakilala kami ay magbago ang isip niya at i-consider na—" Napahinto si Montgomery nang mapansin ang pangingingin ng mga balikat ng kaharap, ang sa umpisa ay pagpipigil nito bago tuluyang pinakawalan ang tawa. Mataginting, nakakahawa, buhay na buhay.

Dapat ay mainis siya pero ewan kung bakit naaliw pa siya sa reaksyon nito. "Ano'ng nakakatawa?"

"Ikaw!" Itinuro siya nito, nakangisi pa rin. "Hindi ka ba tumitingin sa salamin? May mga kapatid o kaibigan ka bang babae? Ganyan ba talaga dapat ang porma mo araw-araw na dapat mong ipaalam sa lahat na seryosong mayaman ka? Signature o tailored ba ang lahat ng mga damit mo? Pati underwear?" Napahampas pa ito sa mesa at

muling natawa.

Dama niya ang lalong pag-iinit ng leeg at mga pisngi, pero hindi rin napigilang tanungin ang kaharap. “Gusto mo bang timgnan? Para masagot ang mga tanong mo lalo na ’yung huli?”

Nabitin sa ere ang tawa ni Iska, sandaling nanlaki ang mga mata bago muling nagsalubong ang mga kilay. “Nagtatanong ako pero hindi ganoon kainteresado.” Naningkit ang mga mata nito. “Masarap itong lib्रेng lunch mo, Monty, pero bakit mo ba talaga ako dinala dito? Ano’ng pakialam ko sa kuwento mo at higit sa lahat, bakit ako?”

*Ah, finally! We might be getting somewhere.* Ilang segundong minasdan niya ang babae na tinaasan siya ng kilay. Binalikan niya ito ng ngiti, na sinabayan ng pagkabog ng kanyang dibdib nang muli siyang magsalita, “There’s something that I believe only you can do for me...”



“Ano’ng nangyari sa ipinaglalaman mo, Svetlana? Ang siga mo pa kunwari, bibigay ka din pala sa guwapo. Charotera ka!” kunwa ay masama ang loob na sumbat ni Nani habang pinupunasan ang mga nahugasan niyang pinggan at kubyertos, pero nangislap din ang mga mata nitong inartehan ng

false lashes. “Pero hindi kita masisisi. Ang sarap ni Monty, *acheng!* Ano’ng ipinakita niya sa iyo at pumayag ka sa usapang ’yan?”

Pinandilatan niya ang kaibigan. “Pera. Ide-deposit daw sa account mo bukas.”

“Ibinenta mo ang alindog ko? Gaga, hindi na ’ko virgin! Lugi siya sa ’kin!”

Sinipa ni Lana sa binti ang katabi. “Sira! Para sa inyo talaga kaya naisip ko ding pumayag na samahan siyang hanapin daw ang future wife niya—”

“Ay, guwapong tanga! Nabiktima ng *budol-budol* si Monty!” natatawang napailing si Nani. “Seryoso? Hindi ka talaga niya namumukhaan? Kung palagi niyang tinitingnan ang pictures at videos mo at kung nakilala na niya ang pamilya mo, dapat magtaka na siya kung bakit may half-Pinay, half-Russian sa palengke!”

Bumuntung-hininga siya. “He didn’t know that, *acheng*. Taga-Talim Island si Iska, ulilang-lubos at wala nang gaanong natitirang kamag-anak. Tapos ng dalawang kurso sa TESDA. Tindera sa palengke at nag-iipon para magkaroon ng sariling bahay.” Ibinigay niya kay Nani ang kaserola na panghuli sa binanlawan niya. “Siguro, napansin na niya ang pagkakahawig at sinusubukan ako kaya hinainan ng

ganitong deal slash trabaho.” She made quotation marks with her fingers.

“Imagine kung tatanggihan ko siya, ’tapos alam niya kung saan ako makikita? Paano kung sabihin niya sa pamilya kong hindi niya nahanap si Lana, pero may nakilalang kamukha nito? I know my family, Nani. Tiyak na susugod sa tuyuan ang mga iyon,” patuloy niya.

Tinuyo ni Lana ang mga kamay gamit ang tuwalya. “I need him on my side. Kanina, habang nagde-dessert kami ay tumawag sa kanya si Papa. Base sa narinig kong side ng usapan, wala pang nababanggit si Montgomery na kahit ano tungkol sa kamukha ni Lana. He just said he’s getting help, to give him at most a couple of months more to find me.” Napailing siya. “Mukhang desidido pa rin ang tatay ko na ipakasal ako sa Monty na iyon. Well, good luck! I’ll give it a few weeks or a month, plano kong sadyang iligaw, lituhin at i-discourage ang isang iyon para sumuko na lang sa paghahanap at magising sa katotohanan na malaking kalokohan ang gusto niyang mangyari.”

“Ay, *budol-budol* nga ang ginawa mo kay *fafa* Monty! Sabihin mo bukas na huwag nang mag-deposit. Grabe ka, hindi ko naman ’yun kailangan,”

Hinawakan niya ang kamay ng kaibigan. “Tanggapin mo na, please. More than enough ’yun na pambayad para mabili mo na ang puwesto mo, para hindi ka na todo-tipid lagi. And he insisted on the payment since may mga araw na wala ako sa palengke para samahan siya.”

“Ano ba’ng gagawin n’yo kasi?”

“Mas pamilyar daw ako dito sa lugar kaya sasamahan kong maghanap, magtanung-tanong, mag-research. Moral support din.”

*“Ilang linggo at buwan na akong naghahanap at ngayon ko lang naramdaman na may isang taong kaya kong pagtiwalaan na tulungan ako, Iska. You know this place better. Alam mo kung paano kausapin ang mga tao. Kabisado mo ang lugar.”* Nakikiusap ang mga mata ni Montgomery at halata na ang desperasyon sa tono nito. *“I need to find her. I’ve been here for days, pero parang hindi ko pa rin alam kung paano at saan ko siya hahanapin.”*

*Kinakabahan siya pero pilit iyong itinatago. Hindi siya naniniwalang hindi man lang nagdududa si Montgomery sa ‘pagkakahawig’ nila ni Lana. Kahit medyo nag-tan siya, umikli ang buhok, kumapal at gumulo ang mga kilay at may pekeng nunal ay imposibleng hindi man lang nagtataka si Montgomery.*

*This man might be up to something and she had to make sure she's on top of whatever that was.*

*"Willing akong magbayad. Gagawin ko ang lahat ng gusto mo. Shit, I hate to even acknowledge this but I have the resources and means..."*

*"I'm sure," she snorted.*

*"Sorry, uhm... I'm just saying that in case you agree, you'd be spending time with me at mababawasan ang oras mo sa negosyo n'yo. Gusto ko lang i-compensate.. You can consider it a business deal, Iska."*

*Nangunot ang noo niya. "Alam ba ito ng pamilya ng babaeng hinahanap mo? 'Yung totoo?"*

*Umiling si Montgomery. Ewan kung bakit ang cute nitong pagmasdan. Don't... she chastised herself. Remember, that man is against what you're fighting for. Don't allow yourself to be manipulated.*

*"Hindi ko sinabi sa kanila. Alam lang nilang nasa Pangasinan ako. I thought I'd just surprise them when I find Lana..." he smiled sadly. "If she'll go with me...."*

*"Nadala ka sa drama, gan'on?"*

*Umiling si Lana. "He looked pathetic, pero hindi ako nadala sa drama niya. Parang ewan kaya! Guwapo lang pero ang labo ng mga trip sa buhay!" Napabuga siya ng hangin. "Pumayag lang ako for*

security reasons, Nani. Alam ko rin eksakto kung ano ang gagawin ko. Itaga mo sa bato, susuko din si Monty. Mahihimasmasan din iyon at hindi na ipipilit ang gusto. Baka nga siya pa ang kumumbinsi sa mga tatay naming matitigas ang ulo.”

“Naks, sure na sure ang bakla!” Siniko siya ni Nani.

“Sure ako dahil kilala ko ang sarili at alam ko ang gusto ko. Monty Tanjuatco will know that soon, and hopefully, malaman na din niyang hindi porque gusto ay makukuha na niya.”

## CHAPTER *Four*

“*H*er last post on *Instagram* was on this beach with a rocky shore. Maputi ang sand, malinaw ang tubig. May hashtag na ‘still in Pangasinan’. Alam mo ba kung saan ito?”

Ibinigay ni Montgomery sa kanya ang tablet kung saan naka-ready na sa screen ang *Instagram* story na nai-save nito, pati ang video post at pictures ng pareho ring lugar. Kahapon ng umaga lang kinunan iyon ng dalaga para i-post sa kanyang *Instagram* account bilang Lana, bago sumunod kay Nani sa palengke.

Sure, alam niya eksakto kung saan iyon pero siyempre, kunwari ay mag-iisip muna siya at sasayangin niya ang oras nila bago ‘mahanap’ ang



beach. At the same time, ipapamukha rin niya kay Montgomery kung gaano kalaki ang pagkakaiba nina Iska at Lana.

“Ah, sa Agno ito. Katabi lang nitong Ramos pero mahirap puntahan ito kasi paakyat ’tapos pababa ang daan, parang roller coaster ba.” Kinagat niya ang dila. May alam siyang shortcut na hindi dadaan sa highway at main roads. Mula sa bahay ni Nani ay napuntahan niya ang beach na iyon kahapon gamit ang motorbike.

“Puwede naman ’tong auto ko kahit hindi gaanong maayos ang daan. I’ll drive carefully, promise.” Itinaas pa ni Montgomery ang isang kamay. “Can we go there, please?” He looked hopeful.

Nagsalubong ang mga kilay ni Lana habang binubuksan ang bote ng ion water na binili sa convenience store kung saan sila nagkita ng binata five minutes ago. Ngayon ay nakatayo na sila sa tabi ng sasakyan nitong nakapila sa katabing gas station.

“Kailan ba ang post na ’yan?” Tumingin siya sa tablet na hawak uli ni Monty. “Para namang sadya kang inililigaw ng hinahanap mo.”

“Gusto ko lang makita ’yung mga pinupuntahan niya. Simula nang magparamdam siya a few weeks

ago, palaging nasa beach siya. Gusto ko sanang puntahan lahat ng napuntahan niya, baka sakaling may nakakita sa kanya at puwede nating tanungin.” Ibinalik nito sa case ang tablet at isinenyas na bumalik na sila sa loob ng sasakyan. Umusad na kasi ang pila.

“Nakailang post na ba siya simula nang magparamdam uli?” tanong ni Lana, derecho ang tingin sa nasa harap nila. Alam niya ang sagot, siyempre.

“Five times kasama na itong bago. Every place looks different, pero maganda lahat.”

“At sa Pangasinan lahat?”

“According to her tags, yes.”

“Tapos, gusto mong puntahan nating lahat?”

Tumango ang guwapong driver niya. “With your help, yes.” Ibinaba nito ang bintana. “Full tank, boss. Premium.” May kung anong tila sinilip ito sa mga display bago inilabas ang wallet at kinuha ang gas card na nakangiting kinuha ng attendant.

*Taray, full tank!* Tahimik na kinuha uli ng dalaga ang tablet at tiningnan ang gallery. It wasn’t even locked, and everything in it seemed to be all about... her.

“Her mom actually gave that to me... I mean,

'yang tablet. Preloaded na ng pictures at videos, para daw matulungan akong ma-memorize kahit papaano ang features ni Lana.”

Bahagyang nanginig ang mga kamay niya sa narinig. Bigla ay na-miss niya ang kanyang pamilya. Napabuntung-hininga siya. *Gusto ninyo akong hanapin, pero balak n'yo rin akong ipamigay pagkatapos? You guys are being unfair!*

Ibinalik niya ang tablet sa case at nakataas ang isang kilay na bumaling kay Montgomery. Palabas na sila ng gas station at naghihintay ito ng instruction. “Sa kanan, derecho hanggang highway, derecho pa din hanggang pagbaba ng tulay ’tapos kanan ulit.”

Sumaludo ito sa kanya. “Got it, boss!”

Halos hindi na sila nag-usap sa sumunod na mga minuto maliban kung may itinatanong ang lalaki na kung hindi tungkol sa mga nadadaan nila ay tungkol naman sa kanya, gaya ng kung nalibot na ba niya ang buong Pangasinan o kung mahilig siyang mag-beach o kung sanay siyang lumangoy.

“Medyo lang, parang langoy-aso. Sapat na siguro para mailigtas ko ang sarili ko pag nahulog sa bangka.” Major lie. She was a good swimmer, had participated in triathlons, and she’s also a licensed scuba diver. “Ikaw?”

“Puwede na. Sakto lang para maka-survive sa mga triathlon,” he smiled. “You must enjoy living here. Lots of greens, clear blue skies, fresh air, good food...”

“Yes.” Tumango siya. “At mukhang nagustuhan din dito ni Lana kung talagang nandito pa rin siya.” Ang weird na tukuyin niya ang sarili in the third person. Parang wrestler! “Plano mong kunin siya dito kung sakali?”

“Hindi naman, Iska. Gusto ko lang siyang makita at makilala.” Malungkot na ngumiti si Montgomery. “Alam mo naman ang plano ko, di ba? At kung gusto niya dito, hindi ko siya pipiliting sumama sa akin or anything,”

“Guguluhin mo pa rin ang buhay niya dahil magpapakita ka, Monty. Ikaw nga ang dahilan kaya siya lumayo, di ba?”

Parang lalong nalungkot ang katabi niya, pero mukhang desidido pa rin. “You really think so? I heard she’s really nice, mabait, at marespeto sa lahat. Iyong tipong katropa niya ang mga guard at tricycle driver sa village nila, pati mga nagtitinda sa mini-market sa labas. I mean, I want to believe in the kindness of her heart, that she’d at least give me a chance. At least talk to me.”

Grabe, martir lang? Was this man for real? “Sure ka na iyan lang talaga ang plano mo at walang pilitang mangyayari? Kasi kapag pinagloloko mo lang ako, ako mismo ang magtatapon sa iyo sa *West Philippine Sea*.”

Napaubo si Montgomery at natawa. “Man, you’re vicious. Siyempre, tutupad ako sa sinabi ko.” Nakangiting sinalubong nito ang tingin niya. “She could be the one, Iska. I have no intention of f\*cking up this chance with her.”

Naikuyom ni Lana ang mga kamao nang bumilis ang tibok ng puso niya. What the hell? Was it his smile? The way he looked at her? The fact that she’s worried she’s slowly being found out right this second? O malamig lang ang air-con?

Napahinga siya nang malalim bago kinapa ang controls sa gilid ng pinto at ibinaba ang bintana. Hindi niya inaalís ang tingin kay Montgomery, na kahit tutok na sa daan ang atensyon ay napangiti nang mapansin ang ginagawa niya, na ginaya nito.

“Magpaalam ka na sa buhok mong parang dinilaan ng baka, Monty,” nakangising sabi niya. “Sa beach ang punta natin ngayon, hindi sa Senate hearing.”



“Wala ka bang ibang damit? Naalibadbaran ako d’yan sa suot mo. Saan ka nakakita ng naka-polo barong at chinos na naglalakad sa tabing-dagat? Naisip mong puntahan ang mga napuntahan ni Lana, pero hindi mo naisip na ibagay sa lugar ang suot mo,” iritadong sabi ni Iska habang itinutupi nito ang mga laylayan ng faded jeans ns suot. Light yellow shirt ang katerno niyon, at trekking sandals ang suot sa paa.

Simula nang makilala niya ang babae ay parang lagi itong bad mood pag kausap siya, parang laging naghahamon ng away, pero ewan kung bakit hindi man lang siya nao-offend. Naa-amuse pa nga siya at naku-cute-an dito. Something in the way her eyes narrowed, in the slight clench of her jaws, in her pout, in the tinge of color that graced her cheeks—she looked rather sexy.

*Whoa!* Parang pinawisan bigla si Montgomery kahit mahangin sa designated parking area sa beach na hinintuan nila. May dalawa pang ibang sasakyan doon. Isang pick-up at isang sedan. Sa pagitan ng maraming puno ay may maliliit na kubo. Hindi pa niya gaanong makita ang dagat, pulos ang maliwanag na asul na kalangitan lang. Sinabi ni Iska, maglalakad pa raw sila pababa bago marating ang

mismong beach.

“Ano na, Monty? Wala ka bang ibang damit diyan?” untag ng kasama.

Napangiwi siya. “Uhm... let me check.” Binuksan niya ang pinto sa backseat. He’s got things there that he hadn’t used yet. May mga paper bags doon na tiningnan niya ang mga laman.

“Pag wala kang mahanap, maghubad ka na lang. Hindi naman gaanong maaraw. Baka may mahiram tayong sunblock o kahit baby oil sa nagma-manage ng mga kubo, bayaran mo na lang.”

Napangiti siya. “Gusto mo lang yata akong makitang nakahubad—” Napahiyaw si Montgomery at napangiwi nang maramdaman ang paghampas sa kanyang likod.

“Aanhin ko ang katawan mo? May hinahanap ka, di ba? Gusto mong makakuha ng impormasyon sa mga tao dito kaya dapat mukhang kapani-paniwala at approachable ang itsura mo... Ano ba’ng meron d’yan?” Hinawakan siya ni Iska sa braso at hinila ang katawan niya palayo sa tiningnan sa backseat.

“Ang lakas mo!” namamanghang naaliw na komento niya.

“Ang bagal mo!” Inilabas nito ang laman ng mga paper bag. Nagsalubong ang mga kilay nito at

namula nang makitang dalawang boxer shorts at isang pakete ng briefs iyon.

“Puwede na ba ’yan?” he grinned.

Inihagis ni Iska sa kanya ang paper bag. “Kaya mo? Go!” Muli itong naghalungkat sa backseat, inilabas ang isang paper bag at kinuha ang laman niyon. A blue and white vintage sundress with tiny floral prints. Another dress in white and pink stripes.

“Binili ’yan ni Tita Marina,” tukoy niya sa mama ni Lana. “Ganyan daw ang mga isinusuot ni Lana, parang ’yung sa mga lumang pelikula. May kasama din ’yang shoes. S’abi niya, nami-miss daw niya na kasamang mag-shopping si Lana kaya bago ako umalis papunta dito over a week ago, I took her out to lunch. Nagyaya siyang samahan ko at pati ako, ibinili niya ng gamit.”

Minasdan niya ang babae na tinitingnan ang damit, parang may kung anong iniisip ito. Kumibot-kibot ang mga labi bago huminga nang malalim at ibinalik sa paper bag ang mga damit.

For a moment, the tough, no-nonsense Iska looked fragile. Vulnerable. Her features seemed softer, more delicate, more like Lana Katindig than the boyish Iska Dimasupil. He blinked. No, it couldn’t be. Sure, he had his suspicions but this



woman before him was just too convincing. She's too... *Iska*.

"Ibinili ka talaga ng undies ng mama ni Lana?" nangungunot ang noo pero medyo natatawang sabi nito. "Makukulay pa 'yang binili niya!" Napangisi ito bago kinuha ang isa pang paper bag. "Uy, may undershirts dito. Puwede na ito kesa d'yan sa suot mo, *Gov*." Inihagis nito sa kanya ang isang nakabalot pang kamiseta at kinuha ang paper bag na may undies. "Palitan mo na 'yang suot mo. May nakita akong slip-ons dito, iyon ang ipalit mo d'yan sa boots mo." Ipinagpag ni Iska ang mga kamay sa jeans nito bago siya tiningnan. "Ano'ng problema?"

Hindi na niya napigilan ang ngisi. "Walang problema. Ang cute mo lang."

Naningkit ang mga mata ni Iska. "Cute? Ano ako, hayop? Lamang-lupa? Magbihis ka na nga!"

Natawa si Montgomery. "Right here?"

"T-shirt lang naman ang papalitan mo, nahihiya ka ba? Tatalikod ako, gan'on?" Natawa na rin ito.

"I knew it! Gusto mo lang akong hubaran!"

Umangat ang isang kilay nito. "Talaga!" Humakbang ito palapit at hinila ang bandang dibdib ng suot niya. "Bagal mo!" Ito na ang nagsimulang mag-alis ng butones. Sa bilis ng mga pangyayari ay

hindi agad siya naka-react at hindi na nakapagsalita.

Iska was too damn close. He caught the sweet, minty scent of her hair, as his breath hitched when her fingers grazed the skin of his chest. Hindi na nito tinantanan ang mga butones niya at sa bawat pagbaba ng kamay nito ay nagiging marahas ang kanyang paghinga. And then, she stopped.

Namumulang lumayo si Iska, nakaangat ang isang sulok ng labi. “Ikaw na’ng mag-alis, baka may magising pa ’ko.” Hinila-hila nito ang harap ng suot na kamiseta.

“Mainit ba, Iska?” He removed the rest of the buttons. He pulled the shirt off his body without taking his eyes off her, and she defiantly met his gaze. He felt something stir at the pit of his stomach, like sensations were being awakened by that fire in her eyes. This woman obviously found him infuriating, while he thought she’s somewhat... seductive.

“Mainit na ang ulo ko dahil ang bagal mo.” Hinablot nito ang nakabalot pang undershirt at inalis ang plastic niyon. “Isusuot mo ba ’to o pupunta na tayo sa beach na ganyan ang ayos mo?”

“Alin ang mas gusto mo? May shirt o wala?” naaalih na tanong ni Montgomery.

“Magdedesisyon ka ba o iiwan na kita dito?”

Ikinuyom nito ang kamao.

Natatawang kinuha niya ang kamisetang hawak nito at isinuot na iyon. Pinalitan na rin agad niya ng canvas slip-ons ang suot na boots bago isinara ang sasakyan at hinarap si Iska. “Okay na?”

Tumango ito bago siya tinalikuran at nauna nang maglakad pababa sa beach. “Tara na! Maghahanap pa tayo ng puwedeng pagtanungan kung nakita nila dito si Lana,”

*Lana!* Right. Hinahanap nga pala niya si Lana. Bakit kapag kasama si Iska ay parang nakakalimutan niya kung bakit siya nandito?